# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 32

"9 Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios." (Mateo 5:9)

Tayo ay magpatuloy sa pagaaral ng Banal na Kasulatan upang matuklasan ng mas malinaw na ibig sabihin ni Jesus sa mga tagapagpayapa at kung paano Niya nais na isabuhay natin ang ating buhay para sa Kanya.

"12 Datapuwa't ipinamamanhik namin sa inyo, mga kapatid, na inyong kilalanin ang nangagpapagal sa inyo, at nangamumuno sa inyo sa Panginoon, at nangagpapaalaala sa inyo; 13At inyong lubos na pakamahalin sila sa pagibig, dahil sa kanilang gawa. Magkaroon kayo-kayo ng kapayapaan. 14 At aming ipinamamanhik sa inyo, mga kapatid, na inyong paalalahanan ang mga manggugulo, palakasin ang mga mahihinang-loob, alalayan ang mga mahihina, at maging mapagpahinuhod kayo sa lahat. 15 Tingnan nga ninyo na huwag gumanti ang sinoman ng masama sa masama; nguni't sundin ninyong lagi ang mabuti, ang isa'y sa iba, at sa lahat." (1 Tesalonica 5:12-15) Dito ay may ibang pagpapairal ng mga tagapagpaya sa loob ng katawan ni Cristo. Si Apostol Pablo sa bersekulo 13 ay binanggit sa mga taga Tesalonica: 'Magkaroon kayo-kayo ng kapayapaan. Inutusan niya sila na kailangan nilang panatilihin ang kapayapaan sa kanila. Sa pagbabalik sa daanan kung saan nagmula ang pahayag na ito, maaari nating makita kung paanong kapayapaang ito ay naganap.

"12 Datapuwa't ipinamamanhik namin sa inyo, mga kapatid, na inyong kilalanin ang nangagpapagal sa inyo, at nangamumuno sa inyo sa Panginoon, at nangagpapaalaala sa inyo;" (1Tesalonica 5:12) Dito si Apostol Pablo ay nagsumamo sa mga kapatiran sa simbahan ng Tesalonica upang tanggapin at kilalanin ang mga namumuno sa kanila sa Salita ng Diyos. Binigyan niya sila ng mga katangian ng pagpapagal at pagsisikap sa paggawa para sa mga kapatiran nang sinabi niya, "Ang nangapapagal sa inyo", at na inilagay sa kanila ng Panginoon. Ngayon dito ang pagpapasailalim sa awtoridad ng simbahan ay hindi nakuha ng maagan at walang mabuting pagpapasiya. Ngayon ang kanilang mga pinuno na inilagay sa kanila, isa sa kanila ay si Pablo, sapagka't inabot niya ang mga ito, ineebanghelyo sila, dinisipolo sila, binawtismuhan sila, tinuruan sila, inilagaan sila, at tinagubilinan sila ng mga paraan ng Diyos; sa gayon sa lahat ng mga ito magiging tama na pakinggan sila dahil sa pagsunod nila, natanggap nila ang tamang mga kautusan na makakatulong sa kanila upang malutas ang kanilang mga suliranin at akayin sila sa paraan na nais ng Diyos sa kanila na pumunta. Hindi ang nagaaral ang magtuturo sa guro. Hindi ang guro ang makikinig sa nagaaral bagkus ang nagaaral ang dapat makinig sa nagtuturo. Ngayon hayaan ang mga kautusang ito ay makaabot sa loob ng simbahan na kinakailangan nilang igalang ang mga kautusan ng mga namumuno na umabot sa kanila at idisipolo sila, at bilang mga kasapi kinakailangan nila upang pairalin ang mga kautusang ito sa kanilang buhay upang maiwasan ang mga kaguluhan sa kanilang buhay.

Hindi mo kayang turuan at utusan si Moses o si Pablo at kunin ang kanilang lugar at isantabi. Mayroong mga tao na sumasalungat kay Moses at sumasalungat kay Pablo ngunit alam natin na ang katapusan ng nga sumasalungat sa kanila. Mga kaguluhan at walang kapayapaan ang darating sa mga sumasalungat o subukang ipawalang-bisa ang katuruang ibinibigay ng mga namumuno ng simbahan mula sa Salita ng Diyos.

"13 At inyong lubos na pakamahalin sila sa pagibig, dahil sa kanilang gawa. Magkaroon kayo-kayo ng kapayapaan."(1 Tesalonica 5:13) Isaalang alang at lubos na pahalagahan ang katuruan na iyong natanggap mula sa namumuno ng simbahan. Ang iyong pagibig sa kanila ay hayaang makita sa iyong pagsunod sa mga katuruan na iyong natatanggap at paglalapat sa iyong buhay.

Sa iyong pagsunod sa mga katuruan ng Salita ng Diyos na iyong natanggap mula sa mga namumuno ay maghahatid ng kapayapaan ng Diyos sa iyong buhay sa kalagitnaan ng simbahan ng Diyos. Sinabi ni Pablo, "9 Ang mga bagay na inyong natutuhan at tinanggap at narinig at nakita sa akin, ang mga bagay na ito ang gawin ninyo: at ang Dios ng kapayapaan ay sasa inyo." (Filipos 4:9) Dito ang kapayapaan ng Diyos ay magkakatotoo sa buhay ng mga kasapi at higit sa lahat sa buhay ng simbahan kapag lubos nilang pinahalagahan ang gawa at pagpapagal ng mga namumuno ng simbahan at kanilang isinalin sa pagsunod at paglalapat ng katuruang kanilang natanggap sa kanilang buhay.

Sa pagsunod sa mga namumuno ay makakatulong sa mga pinuno sa pagabot sa iba at pangalagaan sila.

Tinuruan ng Diyos si Moses kung paano dapat pagpalain ni Aaron ang mga tao ng Diyos sa ganitong paraan: "22 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 23 Salitain mo kay Aaron at sa kaniyang mga anak, na sasabihin, Sa ganitong paraan babasbasan ninyo ang mga anak ni Israel; inyong sasabihin sa kanila: 24 Pagpalain ka nawa ng Panginoon at ingatan ka: 25 Paliwanagin nawa ng Panginoon ang kaniyang mukha sa iyo, at mahabag sa iyo: 26 Ilingap nawa ng Panginoon ang kaniyang mukha sa iyo, at bigyan ka ng kapayapaan.27 Gayon nila ilalagay ang aking pangalan sa mga anak ni Israel; at aking pagpapalain sila." (Bilang 6:22-27) Ang pagpapalang ito at ang kapayapaan ng Diyos ay darating sa Kanyang bayan kapag sila'y sumunod sa buong katuruan ng Panginoon na si Moses at si Aaron ay ipinahayag sa kanila, sa gayon ang kapayapaan ng Diyos ay darating:

Si Apostol Pablo ay hinikayat ang simbahan na gawin ang sumusunod: "14 At aming ipinamamanhik sa inyo, mga kapatid, na inyong paalalahanan ang mga manggugulo, palakasin ang mga mahihinang-loob, alalayan ang mga mahihina, at maging mapagpahinuhod kayo sa lahat. 15 Tingnan nga ninyo na huwag gumanti ang sinoman ng masama sa masama; nguni't sundin ninyong lagi ang mabuti, ang isa'y sa iba, at sa lahat." (1 Tesalonica 5:14-15) Upang lubos na pahalagahan ang mga namumuno ng simbahan at ang kanilang pagtuturo, ang sumusunod na mga puntos ay kinakailangan din upang matupad.

1. Paalalahanan ang mga manggugulo: Ang mga manggugulo ay ang mga hindi kasama sa mga pinuno ng simbahan. Ang mga sumusubok upang gisingin ang mga kaguluhan at magdadala ng pagdududa laban sa katuruan na ibinibigay ng mga namumuno ng simbahan. Inutusan sila ni Pablo sa ganyang mga tao ay kinakailangang babalaan at sawayin. Sapagka't sa mga gumagawa nito, maari hindi nila alam, ngunit silay nakikipagtrabaho sa dyablo upang iligaw ang mga tao at ihatid sila sa direksyon ng impyerno. Halimbawa, kapag sinalita natin ang tao ng Diyos, si Eliseo at kung paano niya itinuwid ang sundalo ng Siria, nang siya ay nanalangin na hampasin sila ng Diyos sa pagkabulag, "18 At nang kanilang lusungin siya, ay nanalangin si Eliseo sa Panginoon, at nagsabi, Idinadalangin ko sa iyo, na bulagin mo ang bayang ito. At kaniyang binulag sila ayon sa salita ni Eliseo." (2 Hari 6:18) Ngayon dito kung alagad ni Eliseo o alinmang taong nasa tabi niya ay tumutol at sinabi sa kanya bakit ka nanalangin ng katulad nyan? "19 At sinabi ni Eliseo sa kanila, Hindi ito ang daan, o ang bayan man: sumunod kayo sa akin, at dadalhin ko kayo sa lalake na inyong hinahanap. At kaniyang pinatnubayan sila hanggang sa Samaria." (2 Hari 6:19) at kung ang kanyang alagad o ang ibang tao ay tumutol ng lantaran at sabihin kay Eliseo bakit ka nagsasabi ng kasinungalingan? Bakit mo dinadala sila sa Dothan at inihahatid sila sa Samaria? O maari niyang sabihin sa ganitong paraan, "Nais nilang pumunta sa Dothan at bakit mo pinipilit silang pumunta sa Samaria? Bakit hindi mo hayaang magdesisyon sila sa kanilang sarili?

Kaya't sinabi ni Pablo sa ganitong uri ng mga tao na manggugulo balaan sila tungkol sa malubhang kahihinatnan ng kanilang ginagawa. Kapag naghahayag ka ng anumang salita na padalos dalos tungkol sa mga namumuno ng simbahan inililigaw mo ang mga tao at binibigyan sila ng pagkakataon upang maghimagsik at lumayo mula sa Diyos.

Ang mga nanggugulong mga tao ay ayaw makisama sa pinuno ng simbahan. Ang ganitong mga tao sila'y laging sumasalaungat at naghahatid ng mga kaguluhan. Ang ganitong mga tao na may ganoong salungat na paguugali ay kailangan nila maintindihan na kailangan nilang magsisi at kontrolin ang kanilang sarili at huwag gumanti o magdamdam para sa anumang mga disiplina at pagtutuwid na kanilang natanggap mula sa mga namumuno ng simbahan para sa gayong walang magiging benepisyo sa kanila. Dapat nilang malaman na ang mga kaguluhan na kanilang nilikha sa simbahan ay mas higit na pinsala kaysa sa gawain ng dyablo laban sa simbahan.

2. Palakasin ang mahihina ang loob: Mayroong mga tao na mahihina ang pananampalataya at hindi kayang makuha ang matitinding pagsubok sa kanilang buhay: sila ay kailangan nating aliwin, himukin sila, at hikayatin sila upang maging malakas na magpatuloy sa mga pagsubok ng buhay.

3. Alalayan ang mga mahihina,: Sa bawat tao mayroong malakas na puntos at mayroon mahinang puntos. Para sa malakas na puntos ating pinapapurihan ang Diyos para doon. Ngunit para sa mahinang mga puntos, mayroong ilang pagkakataon na itong mahinang puntos ay magiging pinsala na mga puntos. Sa gayon, dito kailangan nating makialam bilang simbahan at katawan ni Cristo at bigyan ng kinakailangang maalintuntuning suporta sa mahihina. Isipin ang pinuno at ang simbahan ay ginagawa ang lahat ng kanilang makakaya upang suportahan ang isang mahinang tao, pagkatapos ang isang manggugulo tao ay darating at gisingin ang mga kaguluhan laban sa mga gumagawa ng masigasig na gawain upang suportahan ang mahinang tao.

4. Maging mapagpahinuhod kayo sa lahat. Ito ay mabuti upang alalahanin na ang Diyos ay mahinuhod sayo, sa gayon kailangan mong maging matiyaga sa iba sa parehong paraan na ang Diyos ay mahinuhod sa iyo. Ngayon dito, mabuting alalahanin na ang pinuno ng simbahan ay naging mahinuhod sayo upang abutin ka sa labas ng pagdisipulo sayo, upang alagaan ka, at siya ay matiyaga sa iyong espiritwal na paglago at sa iyong espirituwal na mga pagsubok at kahinaan, at ngayon kailangan mong maging magtiyaga at isaalang alang ang lahat ng mabuting mga bagay na iyong natanggap at isalin ito na maging matiyaga sa simbahan, upang maging matiyaga sa mga namumuno ng simbahan, upang maging matiyaga sa mga kapatiran, upang maging matiyaga sa mga bagong tao na nais ng Diyos na abutin mo.

5. Tingnan nga ninyo na huwag gumanti ang sinoman ng masama sa masama: Muli ang mga tagapagpayapa ay hindi gumagawa ng masama upang labanan ang paggawa ng masama. Tulad ng tinalakay natin kanina, para sa ating mga kaaway kung sakaling tayo ay sinabihan ng Diyos na gawin ang isang bagay patungo sa ating mga kaaway, sa gayon dapat nating pakainin sila, bigyan sila ng maiinom, at ibigay ang kanilang ibang kailangan.

6. Sundin ninyong lagi ang mabuti, ang isa'y sa iba, at sa lahat: Sundin kung ano ang mabuti na inihanda ng Diyos nang maaga para sa iyo, kahit bago ang iyong pagbabalik loob, na gawin: "10 Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran." (Epeso 2:10) Bago ka lumapit kay Cristo maaring may mga plano at proyekto na nais mong gawin. Ngunit pagkatapos mong ibigay ang iyong buhay sa Diyos at buksan ang iyong puso kay Cristo, ang Panginoon ay may ibang plano at ibang bagay para sa iyo na gawin. Kahit na ang naunang mga bagay na gustong mong gawin ay mabuting bagay, ngunit dahil hindi ito ang mga bagay na itinalaga mula sa Diyos sa gayon inaaksaya mo ang iyong oras at nawawala ang ibang mahalagang mga bagay na naatasan mong gawin.

"10 Ngayon kung dumating si Timoteo, ingatan ninyo na siya'y mapasainyo na walang pangamba; sapagka't ginagawa niya ang gawain ng Panginoon, na gaya ko rin naman: 11Sinoman nga ay huwag humamak sa kaniya. Kundi tulungan ninyo siyang payapa sa kaniyang paglalakbay, upang siya'y makaparito sa akin: sapagka't inaasahan ko siya'y kasama ng mga kapatid." (1Corinto 16:10-11) Dito hinaharap natin ang ibang payo mula kay Apostol Pablo sa simbahan ng Corinto tungkol kung paano itaguyod ang kapayapaan at kung paano maging tagapagpaya at isang anak ng Diyos.

Dito sinabi ni Pablo sa kanila na si Timoteo ay maaring kumilos at pumunta sa kanila. Sinasabi niya sa kanila ang tungkol sa kanya, na ginagawa niya ang gawain ng Panginoon tulad ni Pablo na nagtatrabaho at gumagawa. Sinasabi niya sa kanila na dahil sa gawain na

kanyang ginagawa para sa Panginoon, walang taong hahamak sa kanya o guluhin siya at hayaan na huwag magkaroon ng takot o takutin habang siya ay kasama nila. Ngunit igalang siya para sa mabuting gawain na ginagawa Niya para sa Panginoon at para sa Kanyang bayan. Hayaan siyang igalang at isagawa ng mapayapa upang makarating siya kay Pablo ng ligtas at sa tamang oras kasama ng ibang kapatiran, sa kanyang pagdating at sa kanilang pagdating kasama niya kay Pablo ay magiging isang malaking tulong kay Apostol Pablo at kapag si Pablo ay natulungan, ang ministerio ay matutulungan at ang buong simbahan ay makikinabang, kasama ang simbahan ng Corinto. Ngayon kung ang isang manggagawa ay ginagawa ang gawain ng Diyos ng matapat at tahimik at siya ay naglilingkod sa Diyos at sa mga taong kasama niya sa kalooban ng Diyos sa gayon walang sinuman ang dapat gumambala sa kanya o bigyan siya ng gulo. Ito ay napakahalaga upang ang kapayapaan ng Diyos ay dumaloy sa ating kalagitnanan at pumunta sa ibang tao na nais ng Diyos sa atin upang abutin sila at ibigay sa kanila ang kapayapaan ng Diyos.

Si Apostol Pablo ay nagpayo sa kanyang sulat sa mga umiibig sa buhay at upang makita ang mabubuting araw na darating, kinakailangan nilang sundin ang sumusunod: "8 Katapustapusan, kayong lahat ay mangagkaisang akala, madamayin, mangagibigang tulad sa magkakapatid, mga mahahabagin, mga mapagkumbabang pagiisip: 9 Na huwag ninyong gantihin ng masama ang masama, o ng alipusta ang pagalipusta; kundi ng pagpapala; sapagka't dahil dito kayo'y tinawag, upang kayo'y mangagmana ng pagpapala. 10 Sapagka't, Ang magnais umibig sa buhay, At makakita ng mabubuting araw, Ay magpigil ng kaniyang dila sa masama, At ang kaniyang mga labi ay huwag magsalita ng daya: 11 At tumalikod siya sa masama, at gumawa ng mabuti; Hanapin ang kapayapaan, at kaniyang sundan.12 Sapagka't ang mga mata ng Panginoon ay nasa mga matuwid, At ang kaniyang mga pakinig ay sa kanilang mga daing: Nguni't ang mukha ng Panginoon ay laban sa mga nagsisigawa ng masama." (1 Pedro 3:8-12)

"8 Katapustapusan, kayong lahat ay mangagkaisang akala, madamayin, mangagibigang tulad sa magkakapatid, mga mahahabagin, mga mapagkumbabang pagiisip." (1 Pedro 3:8) Maging kayong lahat ay may isang pagiisip: Ang kaisipan dapat ay malinaw, at sumasangayon sa katuruan na ating sinasabi at kinakailangan nating gawin. Madamayin, mangagibigang tulad sa magkakapatid, mga mahahabagin, mga mapagkumbabang pagiisip: Magkaroon tayo ng pagkahahabag sa isa't isa at ibigin natin ang isa't isa, ating kaawaan ang isa't isa sa pagsaalang alang sa panggigipit ng buhay at kung ano pa ang maidudulot ng ministeryo sa bawat isa sa atin na gawin.

Magkaroon tayo ng habag sa isa't isa at isipin kung paano tulungan ang bawat isa. Maging magalang at gawin ang mga bagay na tama at katangap tanggap sa paningin ng Diyos. Magkaroon tayo ng habag sa mga namumuno ng simbahan, ang mga manggagawa ng simbahan, ang mga kasapi na na may malaking tungkulin, at isaalang alang ang kabigatan at ang panggigipit na kanilang pinagdadaanan upang makamit ang kalooban ng Diyos, para sa lahat ng ito ay ang pamantayan para sa mga tagapagpayapa.

"9 Na huwag ninyong gantihin ng masama ang masama, o ng alipusta ang pagalipusta; kundi ng pagpapala; sapagka't dahil dito kayo'y tinawag, upang kayo'y mangagmana ng pagpapala." (1Pedro 3:9) Muli dito si Pablo ay tinuturuan tayo na kailangan natin maging mapagpaya sa mga gumagawa ng masama laban sa atin. Kung ang mga tao ay gumawa ng masama laban sa atin hindi pa rin natin kailangan bayaran ng masama o labanan o awayin sila. Bagkus pagpalain sila, kung sakaling tayo ay pinangunahan ng Banal na Espiritu ng Diyos upang pagpalain ang ating kaaway, sapagka't tayo ay pinangakuan upang magkaroon ng mga biyaya at sa gayon tayo din ay tinawag ng Diyos upang ipasa ang mga biyaya sa iba.

"10 Sapagka't, Ang magnais umibig sa buhay, At makakita ng mabubuting araw, Ay magpigil ng kaniyang dila sa masama, At ang kaniyang mga labi ay huwag magsalita ng daya." (1 Pedro 3:10) Upang makita ang mabubuting bagay sa ating buhay, kailangan nating kontrolin ang ating dila mula sa pagsasalita ng anumang masama, walang ingat at pabayang mga salita. Kailangan nating linisin ang ating mga puso mula anumang kapaitan at galit, at iwasang ang masamang loob laban sa iba na nanakit sa atin.

"11 At tumalikod siya sa masama, at gumawa ng mabuti; Hanapin ang kapayapaan, at kaniyang sundan." (1 Pedro 3:11) Kailangan nating iwasan ang masama, at gawin natin ang mabuti, at maging tagapagpaya at hanapin ano ang kailangan nating gawin upang ihatid ang kapayapaan ng Diyos sa ating buhay, sa ating paglilingkod sa ministerio at sa buhay ng mga taong nakapaligid sa atin at sa ilalim ng ating espirituwal na pangangalaga.

"12 Sapagka't ang mga mata ng Panginoon ay nasa mga matuwid, At ang kaniyang mga pakinig ay sa kanilang mga daing: Nguni't ang mukha ng Panginoon ay laban sa mga nagsisigawa ng masama." (1 Pedro 3:12) Habang nabubuhay tayo bilang tagapagpayapa gaya ng hangad ng Diyos na makita sa atin, ang mata ng Panginoon ay sumasa atin at Siya ay magiging alisto sa ating mga panalangin sasagutin Niya tayo at bibigyan tayo ng mapayapang mapagmahal na buhay at hahayaan tayo na makita ang mabubuting araw, sapagka't ang Kanyang mukha ay laban sa mga gumagawa ng masama at tumatangging mabuhay bilang mga tagapagpayapa.

Sa aking mahal at minamahal: Sa konklusyon ating iklian ang ating natutunan upang maging mga tagapagpaya.

Bilang mga tagapagpaya, upang hayaan ang MakaDiyos na kautusang ito ay makaabot sa loob ng simbahan na kinakailangan mong igalang ang mga kautusan ng mga namumuno na umabot sa iyo at idisipolo ka, at bilang kasapi kinakailangan mo upang pairalin ang mga kautusang ito sa iyong buhay upang maiwasan ang mga kaguluhan sa iyong buhay.

Bilang mga tagapagpaya, hindi mo kayang turuan at utusan si Moses, Pablo o sa mga umaabot sayo at kunin ang kanilang lugar at isantabi. Mayroong mga tao na sumasalungat kay Moses at sumasalungat kay Pablo ngunit alam natin ang katapusan ng nga sumasalungat sa kanila. Mga kaguluhan at walang kapayapaan ang darating sayo o sa mga sumasalaungat o sinusubukang ipawalang-bisa ang katuruang ibinibigay ng mga pinuno ng simbahan mula sa Salita ng Diyos.

Bilang mga tagapagpaya, isaalang alang at lubos na pahalagahan ang katuruan na iyong natanggap mula sa namumuno ng simbahan. Ang iyong pagibig sa kanila ay hayaang makita sa iyong pagsunod sa mga katuruan na iyong natatanggap at paglalapat sa iyong buhay.

Bilang mga tagapagpaya, ang iyong pagsunod sa mga katuruan ng Salita ng Diyos na iyong natanggap mula sa mga namumuno ay maghahatid ng kapayapaan ng Diyos sa iyong buhay sa kalagitnaan ng simbahan ng Diyos.

Bilang mga tagapagpaya, ilagay sa iyong isip na ang kapayapaan ng Diyos ay magkakatotoo sa buhay ng mga kasapi at higit sa lahat sa buhay ng simbahan kapag lubos mong pinahalagahan ang gawa at pagpapagal ng mga namumuno ng simbahan at kapag isinalin mo ito sa pagsunod at paglalapat ng katuruang iyong natanggap sa iyong buhay.

Bilang mga tagapagpaya, ilagay sa iyong isip na ang pagsunod sa mga namumuno ay makakatulong sa mga pinuno sa pagabot sa iba at pangalagaan sila.

Bilang mga tagapagpaya, ilagay sa iyong isip na ang mga biyaya at ang kapayapaan ng Diyos ay darating sa Kanyang bayan kapag sila'y sumunod sa buong katuruan ng Panginoon na ang mga namumuno ng simbahan ay inihahayag sa kanila, sa gayon ang kapayapaan ng Diyos ay darating:

Bilang mga tagapagpaya, ilagay mo sa iyong isip na ang mga manggugulo ay ang mga hindi kasama sa mga namumuno ng simbahan. Na laging sinusubukang upang gisingin ang mga kaguluhan at magdala ng pagdududa laban sa katuruan na ibinibigay ng mga namumuno ng simbahan, kailangan nilang bigyan ng babala at sawayin. Sapagka't sa mga gumagawa nito, maari hindi nila alam, ngunit silay nakikipagtrabaho sa dyablo upang iligaw ang mga tao at ihatid sila sa direksyon ng impyerno.

Bilang mga tagapagpaya ang ganitong uri ng mga tao na manggugulo balaan sila tungkol sa malubhang kahihinatnan ng kanilang ginagawa. Kapag naghahayag ka ng anumang negatibong salita na padalos dalos tungkol sa mga namumuno mg simbahan inililigaw mo ang mga tao at binibigyan sila ng pagkakataon upang maghimagsik at lumayo mula sa Diyos.

Bilang mga tagapagpaya, ilagay mo sa iyong isip na ang ganitong mga tao na may ganoong salungat na paguugali ay kailangan nila maintindihan na kailangan nilang magsisi at kontrolin ang kanilang sarili at huwag gumanti o magdamdam para sa anumang mga disiplina at pagtutuwid na kanilang natanggap mula sa mga namumuno ng simabahan para sa gayong walang magiging benepisyo sa kanila. Dapat nilang malaman na ang mga kaguluhan na kanilang nilikha sa simbahan ay mas higit na pinsala kaysa sa gawain ng dyablo laban sa simbahan.

Bilang mga tagapagpaya, ilagay mo sa iyong isip na mayroong mga tao na mahihina ang pananampalataya at hindi kayang makuha ang matitinding pagsubok sa kanilang buhay: sila ay kailangan mong aliwin sila, himukin sila, at hikayatin sila upang maging malakas na magpatuloy sa mga pagsubok ng buhay.

Bilang mga tagapagpaya, ilagay mo sa iyong isip na kailangan mong upang bigyan ng kinakailangang maalintuntuning suporta sa mahihina.

Bilang mga tagapagpaya, ilagay mo sa iyong isip na kailangan mong maging matiyaga at isaalang alang ang lahat ng mabuting mga bagay na iyong natanggap at isalin ito na maging matiyaga sa simbahan, upang maging matiyaga sa mga namumuno ng simbahan, upang maging matiyaga sa mga kapatiran, upang maging matiyaga sa mga bagong tao na nais mg Diyos na abutin mo.

Bilang mga tagapagpaya, ilagay mo sa iyong isip na para sa iyong mga kaaway kung sakaling tayo ay sinabihan ng Diyos na gawin ang isang bagay patungo sa ating mga kaaway, sa gayon dapat nating pakainin sila, bigyan sila ng maiinom, at ibigay ang kanilang ibang kailangan.

Bilang mga tagapagpaya, ilagay mo sa iyong isip na kapag ang mga tao ay gumawa ng masama laban sa atin hindi pa rin natin kailangan bayaran ng masama o labanan o awayin sila. Bagkus pagpalain sila, kung sakaling tayo ay pinangunahan ng Banal na Espiritu ng Diyos upang pagpalain ang ating kaaway, sapagka't tayo ay pinangakuan upang magkaroon ng mga biyaya at sa gayon tayo din ay tinawag ng Diyos upang ipasa ang mga biyaya sa iba.

Bilang mga tagapagpaya, ilagay mo sa iyong isip na kung ang isang manggagawa ay ginagawa ang gawain ng Diyos ng matapat at tahimik at siya ay naglilingkod sa Diyos at sa mga taong kasama niya sa kalooban ng Diyos sa gayon walang sinuman ang dapat gumambala sa kanyano bigyan siya ng gulo. Ito ay napakahalaga upang ang kapayapaan ng Diyos ay dumaloy sa ating kalagitnanan at pumunta sa ibang mga tao na nais ng Diyos sa atin upang abutin sila at ibigay sa kanila ang kapayapaan ng Diyos.

Bilang mga tagapagpayapa, magkaroon tayo ng pagkahabag sa isa't isa at ibigin natin ang isa't isa, ating kaawaan ang isa't isa sa pagsaalang alang sa panggigipit ng buhay at at kung ano pa ang maidudulot ng ministeryo sa bawat isa sa atin na gawin.

Bilang mga tagapagpaya, magkaroon tayo ng habag sa isa't isa at isipin kung paano tulungan ang bawat isa. Maging magalang at gawin ang mga bagay na tama at katangap tanggap sa paningin ng Diyos. Magkaroon tayo ng habag sa mga namumuno ng simbahan, ang mga manggagawa ng simbahan, ang mga kasapi na na may malaking tungkulin, at isaalang alang ang kabigatan at ang panggigipit na kanilang pinagdadaanan upang makamit ang kalooban ng Diyos, para sa lahat ng ito ay ang pamantayan para sa mga tagapagpayapa.

Bilang mga tagapagpaya, kailangan nating kontrolin ang ating dila mula sa pagsasalita ng anumang masama, walang ingat at pabayang mga salita. Kailangan nating linisin ang ating mga puso mula anumang kapaitan at galit, at iwasan ang masamang pakiramdam laban sa iba na nanakit sa atin.

Bilang mga tagapagpaya, kailangan nating iwasan ang masama, at gawin natin ang mabuti, at maging tagapagpaya at hanapin ano ang kailangan nating gawin upang ihatid ang kapayapaan ng Diyos sa ating buhay, sa ating paglilingkod sa ministerio at sa buhay ng mga taong nakapaligid sa atin at sa ilalim ng ating espirituwal na pangangalaga.

Habang nabubuhay tayo bilang tagapagpayapa na hangad ng Diyos na makita sa atin, ang mata ng Panginoon ay sumasa atin at Siya ay magiging alisto sa ating mga panalangin at sasagutin Niya tayo at bibigyan tayo ng mapayapang mapagmahal na buhay at hahayaan tayo na makita ang mabubuting araw, sapagka't ang Kanyang mukha ay laban sa mga gumgawa ng masama at tumatangging mabuhay bilang mga tagapagpayapa.

Aking panalangin:

Ama naming Diyos ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, inilibing at bumangon mula sa mga patay sa ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nagawa ko maintindihan ang iyong kalooban at mga paraan para sa akin na maging tagapagpaya at ang paraan na nais mo sa akin upang isabuhay ang aking buhay para sa iyo at ang paraan na paglingkuran ka upang ihatid ang kapayapaan mo sa buhay ng iyong simbahan, at sa buhay ng mga tao na inaabot ng iyong simbahan.

Ating ihayag sa Diyos ang ating mga kasalanan at mga maling gawain. Panginoon patawarin mo ako sa sumusunod na mga kasalanan

Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong pagmamaktol, negatibo at walang ingat na salita laban sa namumumo ng simbahan. Hingin sa Diyos ang kapatawaran sa kawalan ng respeto at pagsaalang alang patungo sa mga masikap na gumagawa upang maglingkod sayo at naglilingkod sa iba sa simbahan ng Diyos.

Tayo ngayon ay manahimik sumandali upang patawarin ang mga nanakit sa atin at upang kalimutan ang lahat ng hinanakit na nakuha mula sa kanila. Panginoon linisin mo ang aking isip mula sa masakit na alaala at lahat ng pangaabuso na aking natanggap mula sa mga tao, pagalingin mo aking puso at linisin ako Panginoon mula sa lahat ng sakit, galit, sama ng loob, pagganti at walang pagpapatawad.

Panginoon ipinagkakatiwala ko aking sarili upang manatili sa iyong Salita na natanggap ko sa mensaheng ito na maging tunay na tagapagpaya. Panginoon bigyan mo ako ng karunungan kung paano ilapat anumang aming napagaralan ngayon sa iyong Salita upang respetuhin at igalang ang namumuno mg simbahan na inilagay mo sa akin at gumagawa at nagpapagal ng masikap para sa akin at para sa iyong simbahan. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na tulungan at suportahan ang mahihina at maging magalang patungo sa mga namumunga ng higit at maging matiyaga sa lahat.

Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae na nagpakumbaba ng kanilang mga sarili sa harapan mo upang mabuhay bilang mga tagapagpaya at ilapat ang mga prinsipyo na aming natutunan mula sa iyong Salita sa mensaheng ito, Panginoon protektahan mo sila, at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon aliwin mo sila at tiyakin sa kanila na ikaw ay sumasakanila at ginagabayan sila sa kanilang buhay. Panginoon ibigay mo sa kanila ang kagalakan, at kasayahan at kapayapaan. Panginoon bisitahin mo sila at itaas sila kasama ng iyong biyaya habang ginagawa nila ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon hayaan mo ang iyong kapayapaan ay puspusin kami at punuin ang aming simbahan.

Panginoon protektahan kami mula sa paguusig. Panginoon punuin mo ulit kami ng iyong Banal na Espiritu at gawin ang aming buhay na kaakit akit patotoo sa iba upang ang mga tao ay maniwala sayo at simulang sumunod sayo at mabuhay ayon sa iyong Salita at sa iyong katuwiran. Panginoon gamitin kami bilang mga tagapagpaya na nais mo sa amin upang maging, upang magebanghelyo at upang gumawa ng bagong alagad na iyong itinalaga.

Panginoon, ako'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan na tulungan kami, protektahan kami, at ibigay sa amin upang magpatuloy sa paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at iyong kalooban. Panginoon idagdag sa amin ang higit ng mga kaloob ng Banal na Espiritu upang maging handa na makapagebanghelyo at abutin ang bagong tao sa Mabuting Balita ni JesuCristo at sa mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon nananalangin kami na bigyang daan kami upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa iyong simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa anomang kapahamakan upang kami'y hindi masaktan. Sumaamin nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ng pagibig ng Diyos at ng pakikipagkaisa ng Banal n Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com

Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.